ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 15
Agosto 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Pinakikitid ni Duterte ang daan tungo sa pagbabago at kapayapaan


Taliwas sa kanyang mga pangako, wala pang makabuluhang pagbabagong ipinatutupad si Presidente Rodrigo Duterte ng GRP na tumutugon sa kagyat na pangangailangan ng bayan. Mas naging mapagbigay siya sa malalaking negosyante, sa US, sa militar at sa mga burukratang kapitalista. Hindi dama ng mamamayan ang ipinamamaraling "Narito na ang Pagbabago!" Ang unti-unti pagpapakitid ng daan ng usapang pangkapayapaan sa nagdaang mga araw ay nagpapaliit lalo sa posibilidad na ipatupad ang mga pagbabagong hiling ng mga magsasaka, manggagawa at karaniwang mamamayan.

Mulat sa pagiging reaksyunaryo sa esensya ng rehimeng Duterte, isinusulong ng mga pwersang pambansa-demokratiko ang pakikipagtaktikal na alyansa dito sa batayan ng mga pangakong progresibong pagbabago at kasaysayan ng pakikipagugnayan at pakikipagtulungan ni Duterte sa mga rebolusyonaryong pwersa sa Davao. Tumingkad ang potensyal nito nang hinirang niya sa kanyang gabinete ang mga lider-masa at pwersa ng demokratikong kilusang masa, nang paulit-ulit na nangakong palayain ang mga bilanggong pulitikal at konsultant ng NDFP pabor sa usapang pangkapayapaan, at nang ibinukas ang kanyang tanggapan para makipagusap sa mga pwersang pambansa-demokratiko.

Puspusang kumikilos ang mga pwersang pambansa-demokratiko sa pagbubuo at pagsusulong ng adyenda ng bayan para sa pagbabago. Inihaharap nila kay Duterte ang mga kagyat na kahilingan ng bayan para sa lupa, trabaho, dagdag sahod, mababang presyo, pabahay, serbisyong pangkalusugan at edukasyon. Iginiit nila ang pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal, pagwawakas sa militarisasyon sa kanayunan, pagbabasura sa EDCA, pagbabaklas sa mga baseng militar ng US at pagpapaalis sa lahat ng mga dayuhang tropang US sa Pilipinas.

Para sa mamamayang umaasa sa makabuluhang mga pagbabago, mababaw ang State of the Nation Address (SONA) ni Duterte noong Hulyo 25. Kung bubusisiin, wala siyang inilahad doon na anumang kongkretong hakbanging tumutugon sa pinakamalalaki at kagyat na problema ng bayan. Walang kaukulang pansin at pag-aapura sa pinakamatitingkad na problema ng trabaho, dagdag sweldo at mataas na presyo ng pagkain at mga bilihin.

Ang ipinagmalaki ni Duterte ay ang kanyang niraratsadang "gerang kontra-droga" na ngayo'y isa nang malawakang kampanya ng walang pakundangang pamamaslang. Mahigit nang 800 ang pinatay ng mga pulis at ng mga vigilanteng hawak nito at ng mga sindikato sa droga. Ang tagumpay



ni Duterte ay sinusukat sa bilang ng napapatay at sa nililikha nitong sindak sa bayan. Dapat punahin si Duterte sa pagtatanggol at astang walang pakialam sa dami ng napatay. Buklurin ang lahat ng mga naging biktima, tunay mang sangkot sa droga o hindi, para ipagtanggol ang kanilang karapatang-tao at isulong ang katarungan.

Malulutas lamang ang laganap na problema ng droga kung lulutasin ang laganap na problema ng kawalang trabaho, kagutuman at kahirapan na sanhi ng desperadong pagkapit ng milyun-milyon sa droga. Maling ituring silang kriminal. Sa halip na kalinga at tulong, buong dahas ng estado ang itinapat sa kanila ni Duterte. Mas malala, itinutok sa kanila ang PNP at AFP, na may iba't ibang paksyong kontrolado ng nagriribalang sindikato. Hindi maglalao'y mabibigo ang gerang ito ni Duterte at malalantad bilang isang marahas na gitgitan sa impluwensya, kontrol at teritoryo ng mga nagriribalang sindikato.

Habang madugo ang paraan ng pagsupil sa mga biktima ng droga, naging maingat at marahan naman siya sa paghawak sa malalaking inaakusahang kriminal. Ang iba'y tinanggap pa sa Malacañang, itinuring na bisita sa himpilan ng PNP at binigyan ng pagkakataong makapagpaliwanag sa midya, kahit pa sila'y inakusahang nasa tuktok ng sindikato sa droga.

Tulad ng pagtrato sa malalaking *drug lord,* naging mapagbigay din si Duterte sa interes ng malalaking negosyante, sa mga kriminal na burukratang kapitalista, sa militar at pulis at pati na sa US.

Sa kabila ng paulit-ulit na pagbabanta ni Duterte sa mga kapitalistang nagpapatupad ng "endo," wala pa siyang naging kongkretong hakbangin kaugnay nito. Hindi man lamang niya tinutukan ang tampok na kaso ng Tanduay na tumatangging ipatupad ang regularisasyon ng mga dekontratang manggagawa, kahit pa itinakda na ito ng korte.

Pumapalakpak ang malalaking kapitalista sa pagpapatuloy ni Duterte ng mga patakarang neoliberal, kabilang ang ibayong pagpapaluwag ng mga patakaran at regulasyon para madaling makapamuhunan. Paulit-ulit ang kanyang banta sa "mapanirang" pagmimina, subalit magluluwag sa mga pamantayan sa polusyon sa ngalan ng "industriyalisasyon", na sa mga paliwanag ni Duterte ay katulad rin noon na nakatuon sa pagpapapasok sa mga dayuhang pamumuhunan.

Pinalakpakan rin si Duterte ng malalaking kriminal na burukratang kapitalista, laluna si Benigno Aquino III at ang pinalaya na si Gloria Arroyo at ang kanilang mga kasapakat sa pandarambong. Ibinasura na niya ang panawagan ng bayan na papanagutin at parusahan sina Aquino at Arroyo sa pagsabing hindi na raw niya pag-aaksayahan ng panahon ang mga kasalanan ng nakaraan.

Naging mapagbigay din si Duterte sa US. Hindi na narinig muli sa kanya ang dating pagtutol niya sa paggamit ng militar ng US ng mga pasilidad sa Davao. Ang pagbisita ng mga susing upisyal ng US ay sinalubong ng desisyon ng Korte Suprema na pinal na pinagtibay ang EDCA. Pumalakpak si Duterte nang tumanggap ng $32 milyon para diumano sa pagpapalakas ng AFP. Malamang na wala na siyang gagawing hakbangin para ilipat pa ang nanggahasang sundalong Amerikano na si Pemberton mula sa espesyal na kulungang binabantayan ng US patungo sa kulungang hawak ng Pilipinas.

Puspusang sinusuportahan ni Duterte ang pakanang "cha-cha" (*charter change*) o pagbabago ng konstitusyon para baguhin ang sistema ng gubyerno tungong pederal na anyo nito. Pumapalakpak ang mga reaksyunaryong pulitiko, laluna ang mga *warlord* at dinastiyang pampulitika, dahil lalo nitong pagtitibayin ang kanilang kapangyarihan sa kani-kanilang mga rehiyon at prubinsya.

Tuwang-tuwa rin ang gubyernong US at mga papet nito dahil pagkakataon ang *chacha* para


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 15 | Agosto 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Pinakikitid ni Duterte ang daan tungo sa pagbabago at kapayapaan 1

Paglaya ng mga konsultant, naantala 3

Pagdedeklara ng *ceasefire* sa Agosto 20 4

Tigil-putukan ni Duterte, di sinunod 5

Buntis, pinaslang ng paramilitar 6

72nd IB, inambus 6

Parangal kay Ka Wendell 7

Sosyo-ekonomikong adyenda 7

Libu-libo, lumahok sa SONA 8

Mga lokal na guro ng Partido 9

Protesta sa Lumbia Airport 10

Kumperensya sa *people's rights* 10

Mga kontraktwal ng MRT, sinisante 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

tanggalin sa konstitusyon ang mga probisyong nagbabawal sa mga dayuhan na magpatakbo ng kanilang negosyo at magmay-ari ng lupa sa Pilipinas. Matagal na itong itinutulak ng US bilang kundisyon sa pagsali ng Pilipinas sa Trans-Pacific Partnership.

Mahigit nang isang buwan sa poder si Duterte pero wala pa siyang napalalayang detenidong pulitikal. Bagaman binati ng PKP ang unilateral o isang-panig na pagdeklara ni Duterte ng tigil-putukan noong SONA bilang pampabwelo sa usapang pangkapayapaan, higit na mas mahalaga ang tuparin niya ang pangakong palayain ang mga konsultant ng NDFP upang makalahok sila sa napipintong mga negosasyon.

Naging mas mapagbigay si Duterte sa mga pulis at sundalo. Kaliwa't kanan ang papuri sa mga sundalo at pulis at pagpapangako ng pagdodoble ng sahod at dagdag na benepisyo. Nagbubulag-bulagan siya sa napakahabang listahan ng mga krimen at paglabag sa karapatangtao. Sa kabila ng utos niyang tigilputukan, hinayaan niya ang AFP na magpatuloy sa mga operasyong pangkombat, saywar at militarisasyon sa komunidad. Pumalakpak ang mga militarista nang binawi ni Duterte ang kanyang deklarasyong tigilputukan.

Paulit-ulit si Duterte na nagsasabing may dugong katutubo, pero hanggang ngayon, wala siyang ginagawang hakbangin para tulungang ligtas na makauwi ang ilandaang pamilyang Lumad na nagbakwit sa Davao City. Hanggang ngayon, walang tigil ang militarisasyon sa kanilang mga lugar. Tila bingi si Duterte sa sigaw na pauwiin na ang mga sundalong nagkakampo sa kanilang mga paaralan, *barangay hall* at mga bahay.

Unang itinakda ang usapang pangkapayapaan sa unang hati ng Hulyo. Subalit naantala na ito nang naantala matapos hindi ginamit ni Duterte ang hawak niyang kapangyarihang para agad tuparin ang pangakong palayain ang 22 konsultant ng NDFP at halos 550 detenidong pulitikal. Idinaan pa ni Duterte sa masikot na prosesong ligal. Bilang dating piskal, alam na alam ni Duterte kung papaanong sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal ang mga aktibista at rebolusyonaryo para pagtakpan ang sa esensya'y pampulitikang panunupil laban sa kanila.

Sabik man ang mga rebolusyonaryong pwersa na muling simulan ang usapang pangkapayapaan, nakahanda rin silang maghintay na tuparin ni Duterte ang pangakong pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP. Bukod sa kailangan ang paglahok nila sa negosasyon, ang pagpapalaya sa kanila ay magsisilbing patunay na mayroon isang salita si Duterte at mapagkakatiwalaang tutuparin ang anumang kasunduang pipirmahan sa usapan.

Matapos niyang balewalain ang sariling pangakong palayain ang mga konsultant ng NDFP, nag-imbento na naman ngayon si Duterte ng panibagong ultimatum laban sa paggamit ng BHB ng eksplosibo bilang kundisyon sa negosasyong pangkapayapaan. Kung pagbabatayan lamang ang mga naging kilos ni Duterte sa nakaraang mga linggo, makikitang lumiliit ang potensyal na may matatamong makabuluhan sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan.



Sa kabila nito, dapat patuloy na gamitin para sa kapakanan ng bayan ang ilang pagbubukas ni Duterte sa pambansa-demokratikong kilusan, kabilang ang paghirang ng mga lider-masa sa ilang upisina ng gubyerno at ang pagiging bukas ng kanyang tanggapan para sa tuwirang pakikipag-usap upang ihapag at igiit ang mga usapin ng mamamayan.

Subalit ang mas mahalaga, dapat patatagin ng sambayanang Pilipino ang kanilang pambansa-demokratikong paninindigan at organisadong lakas. Mabuting bagay na pukaw ang sambayanang Pilipino at determinadong isulong ang kanilang mga pakikibaka. Batid nila ang potensyal at hangganan ng taktikal na alyansa kay Duterte na ang mas mahalaga ay ang pagsusulong ng kanilang pakikibaka.

Dapat isulong nang puspusan ang mga pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Kaliwa't kanan ang mga problema ng bayan na dapat puspusan nilang harapin at labanan. Dapat pag-ibayuhin ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lungsod, mga kabataan at estudyante, mga kawani ng gubyerno, mga kababaihan, migrante, maliliit na propesyunal at iba pang demokratikong sektor ang kanilang mga pakikibaka.

Habang mahigpit na nakaantabay sa anunsyo ng tigil-putukan para sa usapang pangkapayapaan, dapat todo-largang ilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa upang isulong ang digmang bayan at para magkamit ng mas marami pang tagumpay. Ilunsad ang mga pananambang, reyd at iba pang anyo ng anihilatibong taktikal na opensiba na may layuning magsamsam ng papalaking bilang ng mga sandata para armasan ang dumaraming Pulang mandirigma ng BHB.

# Pagbubukas ng pormal na *peace talks*, posibleng maantala—*NDFP*

Pinag-aaralan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang posibilidad na ipagpaliban ang pormal na pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa Agosto 20 kung hindi mapapalaya ang mga konsultant nito. Ito ang pahayag ni Luis Jalandoni, punong negosyador ng NDFP, noong Agosto 6. Ito ay matapos tanggihan ng Korte Suprema noong Agosto 5 ang petisyon na palayain ang walong konsultant nito at dalawang detenidong pulitikal.

Bago nito, hiningi ng Office of the Solicitor General, ang tumatayong abugado ng gubyerno, na pansamantalang palayain sina Tirso Alcantara, Alex Birondo, Winona Birondo, Maria Concepcion Bocala, Reynante Gamara, Alan Jazmines, Ma. Loida Magpatoc, Adelberto Silva, Benito Tiamzon at Wilma Tiamzon. Ang naturang mga detenido ay humaharap sa mga gawa-gawang kasong kriminal na nakasampa sa mga rehiyunal na korte.

Sa halip na kaagad na palayain, iniutos ng Korte Suprema na hingin ng *solicitor general* sa nauukol na korte sa mga rehiyon ang pagpapalaya sa mga detenido dahil doon hiwa-hiwalay na nakasampa at nililitis ang kanilang mga kaso.

Kasabay nito, binawi ng Korte Suprema ang pahintulot ng pansamantalang kalayaan ni Rafael Baylosis, isa pang konsultant ng NDFP, matapos ihinto ng huli ang pagharap sa korte dahil sa mga banta sa kanyang seguridad mula sa mga pwersa ng estado.

Samantala, ikinabahala ng mga abugado at tagapagtanggol ng karapatang-tao ang pagtatakda ng Korte Suprema ng limitasyon sa galaw ng mga konsultant na sina Vicente Ladlad at Randall Echanis. Habang kinumpirma ng korte ang paggawad ng pansamantalang kalayaan sa kanila kaugnay ng kanilang nakalagak na pyansa samantalang dinidinig ang kanilang mga kaso, pinagmumukha naman nito na nakakulong sila.

Bago nito, naglabas ng pahayag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong Hulyo 31 na handa itong magdeklara ng unilateral na pansamantalang tigil-putukan sa Agosto 20, kasabay ngunit hiwalay, sa pamahalaang Duterte. Maitatakda ang magiging haba ng tigil-putukan sa pamamagitan ng mga negosasyon.

Sa naturang pahayag, muling ipinahayag ng PKP ang lubos na pagsuporta sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaang NDFP-GRP upang matalakay ang ugat ng armadong tunggalian. Inaasahan ng Partido na tutuparin ng pamahalaang Duterte ang pangako nitong palayain ang lahat ng konsultant ng NDFP maging ang lahat ng bilanggong pulitikal na inaresto at ikinulong sa ilalim ng mga rehimeng Arroyo at Aquino.

Tulad ng naunang plano, maaaring magpalitan ang NDFP at GRP ng mga deklarasyon ng tigil-putukan upang matalakay ang mga usapin para sa kooperasyon at koordinasyon at itakda ang mga paraan para maiwasan ang mga labanan, di-pagkakaunawaan at miskomunikasyon.

Nagdeklara ng unilateral na tigil-putukan si Duterte noong Hulyo 25 ngunit binawi din niya ito matapos ang limang araw dahil diumano sa hindi pagtugon ng NDFP ng sariling tigil-putukan.

Taliwas sa pahayag ni Duterte, agarang tumugon ang PKP at BHB sa deklarasyon ni Duterte noong Hulyo 25 sa pamamagitan ng pagpapatupad ng modang aktibong depensa habang tinataya pa ang kalagayan.

Ngunit iminando ng hepe ng AFP na ipagpapatuloy ng mga tropang pangkombat ang tinaguriang "civil-military operations" o CMO sa ilalim ng Oplan Bayanihan, na nangangahulugan ng mga operasyong kombat, saywar, surbeylans at paniniktik na nagtatarget sa mga komunidad na sibilyan, bagay na naging sanhi ng engkwentro sa Kapalong, Davao del Norte.

Idinahilan ni Duterte ang sagupaang ito upang takdaan ang PKP ng ilang oras noong Hulyo 28 para ipaliwanag ang insidente. Nang makapagpaliwanag na ang nauukol na kumand ng BHB noong Byernes, kinabukasan ay nagtakda naman siya ng hanggang alas-5 ng hapon na taning para magdeklara ang PKP ng tigil-putukan. Naglabas ng pabatid ang PKP na magpapahayag ito nang alas-8 ng gabi. Kalahating oras bago nito, iniatras ni Duterte ang kanyang deklarasyon ng tigil-putukan at minanduhan ang AFP na magpatuloy ng mga operasyon.

Ayon sa PKP, "napakakapritsoyoso para sa Presidente ng GRP na magpataw ng taning na oras o araw lamang ang bilang para sumunod ang PKP sa kanyang masumpungan."

Mula Hunyo pa ay naghahanda na ang PKP ng borador para sa pansamantalang unilateral na tigil-putukan para sa usapang pangkapayapaan. Ngunit nagdeklara na agad ng tigil-putukan si Duterte kahit hindi pa niya natutupad ang pangakong palayain ang mga konsultant ng NDFP at mga bilanggong pulitikal. Kaya pinili ng PKP na maging maingat at sadyang sinubaybayan muna ang sitwasyon sa batayang antas kahit pa man minanduhan na ang BHB na magsagawa ng aktibong depensa.

Anang PKP, "Hindi magpapasindak ang PKP na magmando sa BHB ng pagtitigil-putok habang patuloy ang mga armadong tropa ng AFP sa kanilang mga operasyong pagtugis-at-paglipol at mga ulol na opensibang sumusupil sa mga komunidad na sibilyan. Ang mga opensibang ito ng AFP mismo ay nakapigil sa PKP na mas maagang magdeklara ng tigil-putukan. AB

# Deklarasyong tigil-putukan ni Duterte, walang nagpatupad

Hindi ipinatupad, bagkus ay parang tinuya pa, ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga galamay nitong paramilitar ang deklarasyong tigil-putukan ni Presidente Duterte noong Hulyo 25-30. Hindi nakita sa mga larangan ng labanan ang pagpapatupad ng deklarasyon, sa kabila ng pampublikong pahayag ng AFP na sinusuportahan nito ang tigil-putukan.

Wala ni isang yunit ng AFP na bumalik sa baraks. Ang mismong order na "suspension of offensive military operations" ni AFP Chief Gen. Ricardo Visaya, na alaga ng berdugong si Jovito Palparan, ay ang pagpapatuloy ng tinaguriang "civil-military operations" sa balangkas ng Oplan Bayanihan.

Walang kampo ng AFP sa mga sibilyang komunidad ang tinanggal. Ang mga tropang pangkombat ng AFP sa mga komunidad ng Lumad ay hindi umatras kahit isang pulgada. Libong mamamayang Lumad ang nananatili sa mga sentro ng ebakwasyon dahil hindi ligtas ang kanilang pag-uwi.

Ang mga yunit pangkombat ng AFP ay patuloy na nag-operasyon sa buong bayan. Noong Hulyo 27, inambus ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng 72nd IB at paramilitar na Alamara sa Kapalong, Davao del Norte. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 6.)*

Noong Hulyo 26, nag-operasyon ang 24 na tropa ng AFP sa San Miguel, Catanduanes at nangtortyur kay Gerald Teves, isang mag-aabaka. Iginapos ng lubid ang kanyang mga kamay at leeg, tinakluban ng plastic ang kanyang ulo, itinali sa isang puno at sinipa ng tatlong beses sa likod. Ang kanyang tiyuhin na si Undang Teves ay isinailalim sa interogasyon. Napilitan ang tiyo niya na umamin na kasapi siya ng BHB upang tigilan lamang ang pagpapahirap sa kanyang pamangkin.

Sa Sorsogon, lalo pang dumagdag ang tropa ng 31st IB, ayon kay Ka Samuel Guerrero ng Celso Minguez Command (BHB-Sorsogon).


Noong Hulyo 26, pumasok sa mabundok na mga barangay ng Barcelona ang isang platun ng 31st IB. Sa loob ng limang araw hanggang Hulyo 30, sinaklaw ng operasyon nila ang mga baryo ng San Vicente, San Antonio, Fabrica, San Ramon, Sta. Lourdes at Bagacay.

Sa bayan ng Juban, nagsagawa ang mga sundalo ng operasyong militar sa mga barangay ng Catanusan at Calateo at ganoon din sa mga barangay ng Sinibaran, Balocawe at Bariis ng bayan ng Matnog. Sinaklaw din ng operasyong kombat ang mga barangay ng Busay, Lote at Bulala ng bayan ng Magallanes simula Hulyo 26.

Iniulat naman ni Rigoberto F. Sanchez, tagapagsalita ng BHB-Southern Mindanao Regional Command, na tinukoy ng 39th IB ang 13 baryo sa Kidapawan City para isailalim sa Peace and Development Outreach Program upang pawiin diumano dito ang "impluwensyang komunista." Patuloy din ang operasyon sa bayan ng Magpet. Noong Hulyo 27, idineploy ang mga platun ng 84th IB sa hiwa-hiwalay na mga komunidad sa Toril, Davao City. Sa Sta. Cruz, Davao del Sur, nag-operasyon ang mga tropa ng 2nd Scout Ranger Battalion noong Hulyo 29.

Sa Southern Tagalog, ipinahayag ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDF sa rehiyon, ang walang-tigil na mga operasyong militar sa Rizal, Batangas at Quezon, sa balatkayong operasyong "peace and development" at kontra-droga. Noong Hulyo 25, sinalakay ng mga tropa ng militar ang isang yunit ng hukbong bayan sa Brgy. Dela Paz, Lopez, Quezon kung saan nasawi si Ka Raymart.

Samantala, nagpatuloy ang pagokupa ng mga pwersa ng 8th ID sa pampublikong pasilidad kagaya ng eskwelahan, simbahan, mga *daycare center, waiting shed* hanggang sa mga kabahayan ng mga masang magsasaka sa Northern Samar. Ayon sa ulat ng Rodante Urtal Command (BHB-Northern Samar), naglunsad ng mga operasyong kombat ang mga pwersa ng AFP sa mga kabahayan at gumalugad sa kagubatan noong Hulyo 25-26. Ang presensya ng militar sa lugar ay nagdulot ng takot sa mga residente kung kaya't napipigilan silang magtungo sa kanilang mga sakahan. AB



## Buntis, pinaslang ng grupong paramilitar

ISANG BUNTIS ang napaslang at pito ang nasugatan sa walang pakundangang pagpapaputok ng mga myembro ng NIPAR (New Indigenous People's Army for Reform) sa Sityo Tibugawan, Barangay Kawayan, San Fernando sa Bukidnon noong Hulyo 30. Nasa kasalan noon ang mga biktima, kasama ang 150 pang mga Lumad. Ang NIPAR ay isang grupong paramilitar na pinatatakbo ng yunit ng AFP sa lugar at pinamumunuan ni Alde Salusad, kilala bilang Butsoy.

Kaagad na namatay si Makinit Gayoran matapos siyang tamaan ng bala sa dibdib. Hawak-hawak niya noon ang panganay niyang anak na sanggol. Lima sa pitong sugatan ay mga bata. Marami sa mga dumalo sa kasalan, kabilang ang matatanda, ay nagsitalunan sa katabing bangin para iwasan ang mga bala. Bago ang pamamaril, nakita ni Arnold Manhura sina Salusad at kanyang mga tauhan sa Sityo Spring na armado at naka-unipormeng sundalo. Pinayuhan sila ni Manhura na huwag nang tumuloy sa kasalan. Si Manhura ang kinatawan ng mga Lumad sa konseho ng lokal na pamahalaan.

Responsable ang NIPAR at si Salusad sa pagpaslang kay Jimmy Laguyon, kapitan ng Barangay Dao, noong Marso 2012 dahil sa pagtanggi ng huli na papasukin ang malalaking kumpanya ng minahan sa lugar. Sangkot din si Salusad at ang kanyang grupo sa pagpatay kay Datu Asal Aranyo dahil sa parehong dahilan.

Ayon kay Datu Jimboy Mandagit, lider ng komunidad, bahagi ang pamamarill sa pagtatangka ng NIPAR at ng 68th IB na palayasin ang mga Lumad para makapasok ang San Roque at Apex Mining sa lugar.

Samantala, nagpapatuloy pa rin ang harasment sa mga guro ng mga Lumad at aktibistang sumusuporta sa kanila. Sa tangkang paninindak, nilapitan noong Hulyo 24 si Ronnie Garcia ng mga sundalong nakasuot-sibilyan habang inalagaan niya ang kanyang lolo sa Davao Regional Hospital sa Barangay Apokon, Tagum City. Si Garcia ang tumatayong pinuno ng Salugpongan Ta Tanu Igkanugon Community Learning Center.

Sa Abra, nakatanggap noong Hulyo 22 ng tatlong sunud-sunod na text na pagbabanta si Ronald Gustilo, *provincial coordinator* ng Makabayan-Abra at upisyal ng Kakailian Salakniban Tay Amin Nagtaudan.

# 72nd IB, inambus sa Davao del Norte

Binigo ng BHB-Compostela Valley North Davao South Agusan Sub-regional Command ang opensibang militar na inilulunsad ng 72nd IB kasama ang grupong Alamara sa pamamagitan ng matagumpay na ambus sa Barangay Gupitan, Kapalong, Davao del Norte noong Hulyo 27. Agad na nasawi si Panggong Bukad na myembro ng Alamara at nasugatan ang apat nilang kasamahan.

Isinagawa ang ambus matapos mapag-alaman ng yunit ng BHB na nag-ooperasyon ang mga sundalo, kasama ang Alamara, sa pinaniniwalaan nilang pwesto ng BHB, tinatayang 20 kilometro ang layo mula sa dedetatsment ng huli. Ang ambus ay alinsunod sa atas ng BHB-Pambansang Kumand sa Operasyon sa mga Pulang mandirigma na huwag bibitaw sa alerto at aktibong depensa sa harap ng idineklarang unilateral na tigil-putukan ni Rodrigo Duterte sa kanyang State of the Nation Address noong Hulyo 25.

Binalewala ng tropa ng AFP at Alamara ang naturang kautusan nang umalis sila sa kanilang detatsment sa Barangay Patil noong Hulyo 26 para maglunsad ng operasyong kombat.

Upang pagtakpan ng AFP ang hindi pagkilala sa kautusan ni Duterte, ipinalaganap nilang pabalik sila sa detatsment nang maganap ang ambus.

"Ang BHB ay mahigpit na tumatangan sa diwa ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayaan upang matugunan ang ugat ng gera sibil, kinikilala ang kautusang tigil-putukan ng pangulo ng GRP na si Duterte, at mahigpit na tumutupad sa direktiba ng pambansang pamunuan ng PKP. Ang militaristang pangkatin ng AFP at mga paramilitar nitong katulad ng Alamara ang lumilibak sa kanilang *commander-in-chief* at lantarang nananabotahe sa usapang pangkapayapaan", sabi ni Aris Francisco, tagapagsalita ng Comval-North Davao-South Agusan Subregional Command."

Samantala, pinarusahan ng Bagong Hukbong Bayan-Antonio Licawen Command (BHB-ALC) ang maliit na plantang gumagamit ng lasong *cyanide* sa Sityo Nacawcawa, Barangay Patiacan, Ilocos Sur noong Hulyo 23. Enero pa lamang ay binalaan na ng BHB ang kumpanya na itigil ang paggamit ng lason sa mga operasyon nito. Matagal nang isinasapanganib nito ang kalusugan dahil narurumihan ang pinagkukunan ng inuming tubig sa Sityo Madapoy, Patungcaleo at mga barangay sa ibaba ng ilog.

Noong nakaraang taon ay nagkaroon ng dayalogo ang meyor, mga magsasaka sa mga barangay ng Patiacan, Patungcaleo, Lamag, Malideg, Banoen, at Cayos sa bayan ng Quirino na dinaluhan lamang ng isa sa mga kumpanya ng mina. Naganap ang dayalogo matapos ipetisyon ng mga magsasaka ang pagpapasara sa mga operasyon ng pagmimina sa Patiacan dulot ng nangyaring *fishkill* o maramihang pagkamatay ng isda sa ilog ng Balas-iyan. Hindi naipangako ng mayor ang pagpapahinto ng mapaminsalang pagmimina at paglaon ay binalewala ito. AB

## Ka Wendell, estudyanteng mandirigma

PINARANGALAN NG National Democratic Front-Southern Mindanao Region at ng buong rebolusyonaryong kilusan si Wendell Gumban (Ka Joaquin), 30, komunista at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Napaslang si Ka Joaquin sa isang sagupaan sa Sityo Pongpong, Andap, New Bataan, Compostela Valley noong Hulyo 23, kasama si Sario Mabanding (Ka Glen).

Unang naging myembro ng Kabataang Makabayan si Ka Joaquin noong patnugot siya ng Philippine Collegian ng University of the Philippines (UP) sa Diliman, Quezon City. Hindi nagtagal, narekrut siya bilang myembro ng Partido Komunista ng Pilipinas. Lumahok siya sa ligal na kilusang masa, partikular sa kilusang manggagawa, bago nagpultaym sa BHB sa Southern Mindanao noong 2011.

Sa BHB, ginampanan niya ang mahahalagang tungkulin kaugnay sa konsolidasyon ng Partido sa mga baseng gerilya at sa hanay ng mga Pulang mandirigma. Bilang Pulang mandirigma, pinangibabawan niya ang mga kahinaang bunsod ng kanyang uring pinagmulan, kasabay ng kanyang pisikal na mga limitasyon. Kabilang dito ang pag-aaral at paggagap ng isang di-pamilyar na lengwahe at kultura. Nasa alala siya ng mga Lumad at magsasakang pinagsilbihan niya bilang isang masayahin at mahusay na kasama.

Huwaran si Ka Joaquin bilang kabataang nakapag-aral na tumugon sa panawagan na sumapi sa BHB at direktang lumahok sa digmang bayan.

Dinala ang kanyang mga labi sa UP-Diliman kung saan pinarangalan siya ng kanyang mga kaklase at kasama sa kilusang kabataan-estudyante, gayundin ng mga nakasama niya sa Kilusang Mayo Uno.

Usapang pangkapayapaan 2016

# Ang adyenda para sa mga repormang sosyo-ekonomiko



Tatalakayin sa muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang mahahalagang repormang sosyo-ekonomiko. Layunin nitong lutasin ang mga ugat ng armadong tunggalian at ilatag ang pangunahing mga rekisito para sa isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Ang adyendang ito ang itinakda ng 1992 The Hague Joint Declaration ng GRP at NDFP bilang ikalawang substantibong adyenda ng negosasyon.

Sa naturang usapan na nakatakdang simulan ngayong Agosto 20, tatalakayin at ihahapag ng NDFP ang panukala nito upang mabuo ang komprehensibong kasunduan sa mga sosyo-ekonomikong reporma (Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms o CASER).

Ang panukalang mga reporma ng NDFP ay nakabatay sa pagsusuring nananatiling malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino, at ang kalutasan sa krisis na ito ay ang pakikibaka para sa tunay na pambansang kalayaan at demokrasya at katarungang panlipunan.

Noon pang 1998 nabuo ng NDFP ang borador ng mga panukala, at sa mga sumunod na taon ay pinaunlad pa ang mga ito. Nahahati ito sa walong kategorya:

1) soberanya sa ekonomya at pambansang patrimonya;

2) repormang agraryo at pagpapaunlad sa agrikultura;

3) pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng ekonomya;

4) pagpaplano sa ekonomya;

5) mga karapatan ng mamamayan, kabuhayan at serbisyong panlipunan;

6) pangangalaga sa kalikasan, rehabilitasyon at kumpensasyon;

7) mga patakaran sa pananalapi; at

8) dayuhang pakikipag-ugnayan sa ekonomya at kalakalan.

Sa pangkalahatan, ang mga repormang sosyo-ekonomiko ang pangunahing nilalaman ng negosasyong pangkapayapaan. Ang paging atrasado at ang papalubhang kalagayan ng lipunang Pilipino sa mga larangang nabanggit, at ang bunga nitong matinding kahirapan at kaapihan ng mamamayan, ang batayan ng malawak na diskuntento at armadong paglaban.

Batid ng rebolusyonaryong kilusan na sa kalahatan, hindi madaling makuha ang naturang mga reporma habang nananatili ang kapangyarihan ng imperyalismong US, malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador, at habang kontrolado nila ang reaksyunaryong armadong pwersa. Kung kaya armadong pakikibaka pa rin ang pangunahing paraan ng pagbabago, habang pumapangalawa ang ligal na demokratikong kilusang masa at pangatlo ang pakikipagnegosasyon. Mula pa dekada 80, palagian nang bukas ang NDFP sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa GRP upang magamit ang mga pagkakataon, gaano man kaliit, na makapagbuo ng kasunduan para sa mapayapang paglutas ng armadong tunggalian sa pamamagitan ng mga batayang sosyo-ekonomiko at pampulitikang reporma.

Malalim na hangarin ng mamamayang Pilipino at ng buong rebolusyonaryong pwersa ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, at handang gamitin ang anumang paraan upang makamit ito. AB

*(Tatalakayin sa susunod na mga isyu ang mga detalye ng bawat larangan ng reporma.)*

# 40,000, lumahok sa People's SONA

Ang pagkilos sa State of the Nation Address (SONA) ngayong taon ang pinakamapayapa at pinakamalaki sa nakaraang mahigit dalawang dekada. Ito ang pagsasalarawan ni Renato Reyes, pangkalahatang kalihim ng Bayan, sa naturang pagkilos.

Umabot sa 40,000 na nagmula pa sa iba't ibang bahagi ng bansa ang lumahok sa pagkilos upang ipanawagan kay Rodrigo Duterte na isulong ang makabayan at progresibong programa para sa mamamayan.

Kaiba sa mga protesta sa SONA sa nakaraan, binati at kinamayan ng mga pulis ang mga nagmartsa tungong Batasang Pambansa.

Bitbit ng mga nagmartsa ang mga higanteng myural na nagsasalarawan ng kahilingan ng mamamayan. Sa unang pagkakataon, nakalapit sila sa Batasan Pambansa sa araw ng SONA.

Ipinanawagan ng mga raliyista ang 15-puntong People's Agenda—ang listahan ng mga kahingian para sa maka-mamamayan at makabayang mga patakaran upang tugunan ang ugat ng kahirapan. Kabilang dito ang pagpawi sa kontraktwalisasyon, pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pagpapatigil sa malawakang pagmimina.

Tampok din sa pagkilos ang pagsuporta sa magaganap na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

Lumahok sa pagkilos ang 5,000 kataong delegasyon mula sa Mindanao, halos 4,000 mula sa Bicol, at ilang libo mula sa Eastern Visayas, Southern Tagalog, Central at North Luzon.

Ayon kay Bai Ali Indayla, ikatlong nominado ng Gabriela Women's Party at tagapagsalita ng delegasyon mula sa Mindanao, layon nilang ipasa kay Duterte ang sampung-puntong adyenda ng mamamayan sa isla.

Ipananawagan din nila kay Duterte na bigyang pansin ang panibagong kaso ng pag-atake sa mga Lumad. "Sa pangunahin, hiling namin sa pangulo na paalisin na ang tropang militar sa aming mga paaralan at komunidad upang makabalik na ang libong mga Lumad sa kanilang tahanan," ani Indayla.

Sa Bicol, sinalubong ng delegasyon ng rehiyon ang delegasyon ng Mindanao bago tumulak papuntang Maynila. Kalakhan ng sumamang Bicolano ay mga magsasaka sa iba't ibang bayan ng rehiyon. Anila, mahirap sa kanilang mapalayo sa kabuhayan ng limang araw pero dahil batid nila ang kahalagahan ng kanilang pagkilos, sumama sila sa *caravan.*

Ayon sa mga Bicolano, maraming usapin ang nais nilang ipabatid sa rehimeng Duterte. Kabilang rito ang itinatayong paliparan sa Camarines Sur na banta sa kanilang kabuhayan.

Tatamaan ng naturang paliparan ang daluyan ng irigasyon sa kanilang palayan, ani Jen Nagrampa ng Gabriela-Bicol.

Sumama sa martsa ang mang-aawit na si Aiza Seguerra upang makiisa sa panawagan ng mga Lumad na palayasin ang mga militar sa kanilang komunidad. Dumalo rin ang mga makabayang kinatawan ng mamamayan sa programa bago tumungo sa Joint Session ng Kongreso.

Matapos ang SONA, muling nagpulong si Duterte at mga lider ng progresibong organisasyon at mga lider ng Lumad. Dito ibinahagi ni Duterte ang kagustuhan nitong makamit ang kapayapaan sa ilalim ng kanyang termino at makapaglaan ng mas malaking pondo sa serbisyong panlipunan kapag maresolba na ang armadong tunggalian.

"Ang pagkilos na ito ay positibo at makasaysayan, subalit dapat tayong patuloy na maging mapagbantay dahil hindi garantiya ang pakikipag-alyansa kay Duterte na mayroong 100% pagkakasunduan sa reporma at direksyong pang-ekonomya, panlipunan at pampulitika sa ating bansa. Patuloy ang ating laban at hindi natin ibababa ang ating panawagan," dagdag pa ni Reyes.

Nagkaroon rin ng katulad na mga pagkilos sa Cagayan De Oro, Cebu at Tacloban. AB



# Mga lokal na guro ng Partido

Malaking bentahe talaga na mayroong mga lokal na instruktor ng BKP (Batayang Kurso ng Partido). Ito ang nabanggit ni Ka Eddie, myembro ng sangay ng Partido sa lokalidad o SPL ng isang baryo sa Bicol at isa sa mga lokal na instruktor ng kurso. Nasa pagtitipon noon si Ka Eddie at naghahanda para sa paglulunsad ng kurso. Kasama niya ang tatlo pang kagawad ng SPL na tumatayo ring mga instruktor. Bahagi sila sa pagsisikap na konsolidahin at palawakin ang Partido sa kanilang prubinsya.

Ayon kay Ka Mari, isa sa mga kadreng nangangasiwa sa istap sa instruksyon ng prubinsya, panawagan ng Partido ang pagpaparami ng kasapian upang magbalikat sa papalaking mga responsibilidad sa pag-abante ng digmang bayan. Aniya, "Noon pang huling bahagi ng 2011, itinakda nang target ang pagdoble sa bilang ng kasapian bawat anim na buwan." Para maharap ang hamong ito, kinailangang maparami ang mga ibinibigay na BKP bilang rekisito sa pagpaparami ng mga ganap na kasapi ng Partido.

"Ang mga instruktor ang unang dapat maparami," ani Ka Mari. "Isa sa tinukoy na dapat gawin ay ang pagpapaunlad ng mga kadre ng mga SPL tungo sa pagiging mga lokal na instruktor para tuluy-tuloy pa ring nailulunsad ang BKP kahit nasa ibang lugar ang mga pultaym na kadre sa instruksyon."

Sa pagkakatanda ng mga lokal ding instruktor na sina Ka Norman, Ka RM at Ka Harry, Pebrero 2012 sila inatasan ng mga namumunong kadre sa larangang gerilya na dumalo sa pagsasanay ng mga instruktor para sa BKP o BKP-Instructors' Training (BKP-IT). Malugod nilang tinugunan ang atas na ito. Batid ni Ka RM na hindi biro ang paggampan nila ng gawaing edukasyon sa kanilang baryo at sa tatlo pang kanugnog nito.

Sa dalawang magkasunod na BKP-IT sa taong iyon, inaral ng mahigit 20 estudyante ang mga pamamaraan ng pagtuturo ng kurso. Paano nga ba ang pagpapalawig sa mahahalagang punto? Kailan gagamitin ang mga tulong biswal? Paano ang pagtutulungan ng mga instruktor? Paano kukunin ang interes ng mga mag-aaral?

Kailangang mabuo ang tiwala ng mga mag-aaral sa instruktor, ayon kay Ka Norman. Kaya naman mahalaga ang paghahanda at pagkabisa sa paksa. Sang-ayon dito, naalala ni Ka RM na iminungkahi niyang bigyan sila ng espesyal na pagbabalik-aral hinggil sa Ekonomyang Pampulitika para higit na makabisa ang paksa. Para naman kay Ka Harry, bagama't para umanong pinipiga ang kanyang utak, pinangingibabawan niya ito sa hangaring matalas na maipaliwanag sa mag-aaral ang mga leksyon.

Dalawang linggo matapos ang unang bats ng BKP-IT, lumarga ang unang pagtuturo. Bilang paghahanda, tatlong araw bago ang simula ng pag-aaral ay nagtipon na ang mga instruktor. "Wala nang uwian 'yon, panay rebyu na," alala ni Ka RM. "Gumugol din kami ng isang buong araw para sa *practice teaching.*"

Ang bats na iyon ng BKP ay nasundan ng ilan pa. Sa loob ng taong iyon, batay sa mga ulat kina Ka Mari, nakapaglunsad ang larangan ng 14 na bats ng BKP. Maibubwelo pa ito, ayon kay Ka Mari, dahil naitayo na nila ang makinarya sa instruksyon.

Karaniwang tumatagal ng anim na araw ang bawat inilulunsad na BKP, na kadalasang isinasagawa sa loob lamang ng mga kabahayan sa baryo. Ang yunit milisya ang nagtitiyak na walang aberya sa seguridad. Sa pagrerekon sa palibot ng baryo, nakakapagkalap na rin sila ng mga gulay at iba pang pagkain. Kinukuha rin ang suporta ng mga panggitnang pwersa sa pagpapalitaw ng iba pang rekurso. Habang isinasagawa ang pag-aaral, nagtataguyod sa iba pang mga gawain at pangangailangan ang ibang kagawad ng SPL at mga aktibista sa baryo. Batay sa pagtatasa ng mga kasama, kumpara sa nakasanayang paraan, ang mga BKP ngayon ay mas mabilis, ligtas, at mas matipid sa gastos.

May natatanging bentahe ang pag-iral ng mga lokal na makinarya sa instruksyon. Sabi ni Ka RM, dahil magkababaryo, mas kapalagayang-loob nila ang mga estudyante kaya't buwelo ang mga tanong sa loob ng mga lektura. Ayon naman kay Ka



Norman, dahil malalim ang pagkakakilala ng mga instruktor sa mga estudyante, higit na nailalapat ang mga diskusyon.

Isang halimbawa, ani Ka Eddie, ang panahong naging estudyante niya ang kanyang kapatid na si Ka Daisy. Sa pagkakataong iyon, batid niyang nasa proseso ang kapatid ng pagdedesisyon na magpultaym sa hukbo. Kung kaya habang tinatalakay ang paksang Saligang Proletaryong Pananaw at Paninindigan sa Rebolusyon, angkop niyang naihalimbawa ang katayuan ng kapatid upang maengganyo ang ibang mag-aaral habang lalupang hinihikayat si Ka Daisy na magpultaym.

Layunin ng BKP na panimulang maarmasan ang mga mag-aaral ng mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang gabay nila sa araw-araw na rebolusyonaryong pagkilos. "Talagang mahalaga ang mga pormal na pag-aaral dahil pormal ding naipapatagos ang mga tungkulin sa reb," pansin ni Ka RM.

Bumubukal din ang mga palagay ng mga instruktor hinggil sa pagpapaunlad ng gawain. "Tinakda ko sa sarili na dapat ay kabisado ko na ang paksa bago ako lumipat o magdagdag." sabi ni Ka Norman. Para madagdagan ang mga instruktor, tinukoy ng SPL at iba pang mga instruktor kung sinu-sino pa sa baryo ang maaaring sanayin para maging mga instruktor sa pormal na mga kurso ng Partido.

Pinatunayan ng paggampan ng mga lokal na makinarya sa BKP na napabilis ang pagbibigay ng BKP, na nagresulta din sa paglaki ng bilang ng mga ganap na kasapi ng Partido. Patunay sina Ka Norman, Ka RM, Ka Eddie, Ka Harry at lahat ng lokal na instruktor, na ang gawaing edukasyon sa loob ng baryo ay kayang-kaya at nararapat lamang na gampanan ng mga SPL bilang pagsasabuhay ng kanilang pamumuno at pagtatayo ng demokratikong gubyerno. AB

## Protesta sa Lumbia Airport, muling inilunsad

NAGLUNSAD NG KILOS protesta ang mga aktibista, kasama ang tatlong Amerikano, sa harap ng Lumbia Airport noong Hulyo 29.

Itinali nina Arturo Viscara, Luis Patterson, at Kelsen Caldwell, mga aktibistang Amerikano, ang kanilang mga sarili sa tarangkahan ng Lumbia Airport upang iprotesta ang paggamit sa paliparan bilang base ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Kabilang sila sa mahigit 60 lokal na aktibista.

Ang Lumbia ang lokal na panghimpapawid na terminal sa Northern Mindanao bago ilipat ang paliparan sa Laguindingan tatlong taon nang nakaraan. Kasalukuyang pinangangasiwaan ito ng Philippine Air Force.

Ayon sa mga aktibistang Amerikano, magpepetisyon sila sa Kongreso ng US upang tigilan ang pagpopondo sa EDCA. Nagsumite naman ng petisyon ang lokal na mga aktibista kay Cagayan de Oro Mayor Oscar Moreno at sa City Council bilang suporta sa plano ng lokal na gubyerno na hingin ang paliparan sa pambansang gubyerno at itransporma ito sa isang komunidad ng sosyalisadong pabahay at sentro ng komersyo.

## Kumperensya sa karapatan ng mamamayan, idinaos

NOONG HULYO 23-24, idinaos ang International Conference for People's Rights in the Philippines (ICPRP) sa Davao City sa pangunguna ng International Coalition for Human Rights in the Philippines, sa pakikipagtulungan sa Karapatan at Bayan. Dumalo rito ang mahigit 300 delegado mula sa iba't ibang bayan na binuo ng mga aktibista, edukador, estudyante, taong simbahan, abugado, aktibista sa karapatang tao, at mga minorya.

Ipinagdiwang ng kumperensya ang ika-40 anibersaryo ng Algiers Universal Declaration on the Rights of Peoples. Pinagtibay nito ang pagsuporta sa 1976 na deklarasyon na kumikilala sa pagtatayo at pagiging lehitimo ng mga kilusan sa pagpapalaya ng mamamayan at iba pang pangmasang kilusan para sa pagbabago, lalo na sa mga lugar na napakatindi ng mga tunggalian. Inilinaw sa kumperensya ang katangian ng "karapatan ng mamamayan" na lampas sa indibidwal na kalayaan at nagdidiin sa kolektibong mga karapatan ng aping mamamayan.

Ipinanawagan ng mga dumalo sa kumperensya ang muling pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, pagbabasura sa EDCA, pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, at paggalang sa karapatan ng mga mamamayan.

Bago ang kumperensya, tatlong araw na nakisalamuha ang iba't ibang tim ng mga delegado sa sampung piniling lugar sa Pilipinas upang ipakita ang kanilang suporta sa mga pangmasang pakikibaka roon. Kabilang dito ang mga komunidad ng Buffalo-Tamaraw-Limus sa Maramag, Bukidnon, Arakan Valley sa North Cotabato at Zinundungan Valley sa Cagayan.

## Mga kontraktwal ng MRT, sinisante

TALIWAS SA MGA pangako ng rehimeng Duterte, nagpapatuloy ang "pag-endo" o pagsisante sa mga manggagawang kontraktwal. Pinakahuli sa mga "na-endo" o hindi na inalok ng bagong kontrata ang 50 empleyado ng Metro Rail Transit (MRT) na mahigit sampung taon nang nagtatrabaho sa kumpanya. Kasabay nito ang pagpapapirma sa 70 iba pang empleyado sa isa hanggang tatlong buwang kontrata ng empleyo. Sa kasalukuyan, anim na buwan lamang ang kanilang mga kontrata. Ginamit ng maneydsment ng MRT ang kapalpakan ng sistema ng pagtitiket para patalsikin ang naturang mga manggagawa. Sinisante sila nang hindi binabayaran ang kanilang sahod sa huling buwan at para sa obertaym. Para punan ang mga nabakanteng trabaho, nag-empleyo ang maneydsment ng mga kontraktwal na may mas mababa pang sahod at mas maiiksing kontrata.